## Part 1: Ang Tamang Pananaw

### 1.2 ANG TOTOO

Ang paniniwala ay ang pagtitiwala sa katotohanan ng isang bagay, may katibayan man ito o wala. Ang isang paniniwala na batay sa katotohanan ay makapagdudulot ng benepisyo samantalang ang isang paniniwala na batay lamang sa hakahaka ay maaaring mauwi sa kapahamakan. Halimbawa:

| PANINIWALA → | PAGKILOS → | RESULTA |
|---|---|---|
| Taong naniniwala sa suwerte | tataya sa lotto or magsusugal | maubos ang pera kakasubok |
| Taong naniniwala sa Diyos | magsisimba at magbabasa ng Bible | makakapamuhay ng ayon sa kalooban ng Diyos |
| Taong hindi kinikilala ang awtoridad ng magulang | hindi makikinig sa kanilang pangaral at tagubilin | napapahamak sa buhay |

**TimeOuT**

- Ano ang kahihinatnan ng paniniwalang nakabase sa katotohanan?

  ________________________________________

- Ano ang kahihinatnan ng paniniwalang nakabase sa haka-haka?

  ________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang kahulugan ng salitang **totoo** ay: |
| | Ang aking source ng **katotohanan** ay: |

Philippine Biblical Worldview Foundation Inc.
renewingthephilippines.com

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong.

Genesis 2:15-17
Inilagay ng Diyos ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan. Sinabi Niya sa tao "Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka."

Genesis 3:
Isang araw tinanong ng ahas si Eba, "Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain ng anumang bungangkahoy sa hardin?"

Sumagot si Eba, "Maaari naming kainin ang anumang bunga sa hardin, huwag lamang ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Sinabi ng Diyos na huwag naming kakainin ni hihipuin man ang bunga nito; kundi kami ay mamamatay."

Ngunit sinabi ng ahas, "Hindi totoo iyan, hindi kayo mamamatay! Sinabi lang iyan ng Diyos sapagkat alam Niyang kung kakain kayo ng bunga nito kayo'y magiging parang Diyos at malalaman ninyo ang mabuti at masama."

Ang punongkahoy ay napakaganda sa paningin ni Eba at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Naisip din niya na kahanga-hanga ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain. Binigyan niya ang kanyang asawa, at ito'y kumain din. Nagkaroon sila ng pagkaunawa matapos nilang kumain at nalaman na sila ay hubad.

Narinig nila Adan at Eba na naglalakad ang Diyos sa halamanan kaya sila ay nagtago. Tinawag sila ng Diyos at ipinaliwanag ni Adan ang dahilan ng kanilang pagtatago. Tinanong sila ng Diyos kung paano nilang nalaman na sila'y hubad. Tinanong rin Niya kung kinain nila ang bungang ipinagbabawal.

Pinarusahan ng Diyos ang ahas, si Eba at si Adan. Iginawa Niya ng damit na yari sa balat ng hayop sina Adan at Eba at sila ay pinaalis sa hardin.

- Anong sinabi ng Diyos sa tao patungkol sa pagkain ng mga bunga sa hardin?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Anong sinabi ng ahas kay Eba patungkol sa pagkain ng bunga ng puno na nasa gitna ng hardin?

  ______________________________________________

- Sino ang pinakinggan ni Eba? ________________________________
- Ano ang kinahinatnan ng naging desisyon ng tao?

  ________________________________________________________________________

**PAG-USAPAN**



**Paano Mo Malalaman ang Totoo?**

Sa Genesis 3 ay makikita ang pagsuway na ginawa nila Adan at Eba sa sinabi ng Diyos. Sino ang nagsabi ng totoo, ang Diyos o ang ahas? Matapos nila kainin ang ipinagbabawal na bunga tinamo nila ang dalawang uri ng kamatayan. Ang una ay ang espirituwal na kamatayan (ang paghihiwalay ng Espiritu ng Diyos sa tao) na kanilang tinamo agad at ang pangalawang uri naman ay ang physical na kamatayan (pagkamatay ng katawang lupa) na kanila ring tinamo makalipas ang maraming taon.


Ang totoo ay yaong sang-ayon sa salita ng Diyos. Ang kasinungalingan naman ay ang kontra sa Kanyang salita tulad nang pagsasalungat na ginawa ng ahas.



Napagalaman ni Lisa na siya ay nagdadalang tao. Natakot siya na sabihin ang kanyang kalagayan sa kanyang mga magulang kaya't ang mga kaibigan niya ang kanyang tinakbuhan upang hingan ng payo kung ano ang kanyang gagawin. Dalawa sa mga kaibigan niya ang nagsabi sa kanya ng dapat niyang gawin: sinabi ni Maya na ipalaglag niya ang bata habang maaga dahil magiging hadlang ang kanyang kalagayan para maabot niya ang pangarap niya sa buhay. Sinabi naman ni Carmen na huwag itong ipalaglag dahil para na rin siyang pumatay ng tao kung ito ay gagawin niya, sa halip ay sabihin ito sa kanyang mga magulang at harapin ang consequence ng kanyang action.

Basahin ang Exodus 20:13 at Proverbs 6:16-19. Sino sa dalawang kaibigan ni Lisa ang dapat niyang pakinggan?

______________________________________________________



Ano ang totoo? Ang totoo ay sang-ayon sa salita ng Diyos. Kung ang ating pananaw ay nakabase sa katotohanan siguradong ito ay magbubunga ng mabuting moralidad na siya namang magbubunga ng tamang pamumuhay.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw si Lisa, sino kila Maya at Carmen ang iyong pakikinggan? Bakit siya ang pinili mo?

   __________________________________________________________________

   __________________________________________________________________

2. Sa buhay mahaharap ka palagi sa dalawang magkaibang views o pananaw, paano mo malalaman kung alin doon ang iyong pakikinggan at paniniwalaan? Paano mo masasabi na kung alin ang totoo at alin ang hindi?

   __________________________________________________________________

   __________________________________________________________________

   __________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Ang kahulugan ng salitang **totoo** ay: |
| | Ang aking source ng **katotohanan** dapat ay: |

**Verse of the Day:**

Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay pata sa matuwid na pamumuhay. ***2 Timoteo 3:16***